



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-30 ng Mayo, 2025

Ang mga Balota ay Ipapadala sa mga Rehistradong Botante para sa Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Distrito Isa

Mahigit 370,000 na balota ang ipinadala sa mga rehistradong botante ng Unang Superbisoryal na Distrito sa County ng San Diego para sa [Ika-1 ng Hulyo espesyal na pangkalahatang eleksyon](#). Dapat matanggap ng mga rehistradong botante ang kanilang balota sa linggo ng Lunes, Ika-2 ng Hunyo. Ang ilang mga botante ay maaaring makatanggap ngayong katapusan ng linggo. Kasama rin sa opisyal na pakete ng balota ang isang "Bumoto Ako" na sticker.

Ang taong nahalal ay magpupunan sa bakanteng posisyon ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean hanggang sa mga kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kabilang ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, La Presa, at ilang bahagi ng Spring Valley.

Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1, maaari mo itong hanapin sa sdvote.com.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-2 ng Hunyo sa [opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa](#). Ang mga oras ng pagboto ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalain ang kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang mga [opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro](#) sa buong distrito simula Martes, Ika-3 ng Hunyo hanggang sa pinal na araw ng pagboto sa Martes, Ika-1 ng Hulyo.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-30 ng Mayo, 2025

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Kailangan ninyong pirmahan ang sobreng pagbabalikan upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga botanteng nagbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "[Nasaan ang Aking Balota?](#)".

Ang mga karagdagang opsyon para bumoto nang personal ay magsisimula sa Sabado, Ika-21 ng Hunyo, kasabay ang mga pagbubukas ng [pitong vote center](#). Magiging bukas sila araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-1 ng Hulyo, kung kailan mga 13 vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Maaari kayong makahanap ng lokasyon ng vote center o opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamphlet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamphlet online gamit ang tool na [Tingnan ang Aking Pamphlet ng Impormasyon para sa Botante \(Sampol na Balota\)](#) sa [sdvote.com](#)

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa [Distrito 1 espesyal na pangkalahatang eleksyon](#) sa [sdvote.com](#), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   